

Paano makakuha ng mga serbisyo sa iyong network ng pangangalaga


Mahalaga ang iyong kalusugan sa **Brown & Toland**. Upang matiyak na mapapanatili mo ang pinakamabuting kalusugan, nag-aalok sila ng mga programang nakatuon sa pangkalahatang kalusugan, kabilang ang mga serbisyo sa pamamahala sa pangangalaga at iba't ibang klase sa kalusugan at wellness. May mahigit 250 Doktor ng Brown & Toland na matatagpuan sa mga campus ng ospital at pribadong tanggapan sa buong San Francisco. Kabilang sa kanila ang mga PCP at espesyalista gaya ng mga cardiologist, surgeon, at obstetrician/gynecologist. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang **browndtoland.com**.



Regular na Pangangalaga at Pangangalagang Pang-iwas sa Sakit

Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP)

Ang iyong PCP ang iyong unang point of contact para sa mga hindi pang-emergency, regular, at agarang medikal na pangangailangan.



Nasa iyong ID Card ng Miyembro ang numero ng telepono ng iyong PCP

Mga Serbisyo sa Parmasya

Makakakuha ka ng listahan ng mga Parmasya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Medi-Cal Rx sa **Medi-CalRx.dhcs.ca.gov** o pagtawag sa **1(800) 977-2273**.



Pangangalaga sa Kalusugan ng Isip

Kung kailangan mong makipag-usap sa isang tao, maaari kang magpa-appointment sa isang psychologist o psychiatrist sa pamamagitan ng pagtawag sa **Carelon Behavioral Services** sa **1(855) 371-8117**.



Pangangalaga sa Ospital

California Pacific Medical Center Mission Bernal Campus

1(415) 647-8600 | 3555 Cesar Chavez Street

Maliban kung isa itong emergency, dapat ka munang makipag-ugnayan sa iyong PCP. May emergency kapag mayroon kang kundisyon na naglalagay ng iyong buhay sa panganib, nakakaranas ka ng malubha o matinding pananakit, nahihirapan kang huminga, o maaaring mayroon kang baling buto.

Kung mayroon kang medikal na emergency, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na emergency room para sa tulong.



Here for you

Medi-Cal

Pangangalaga Pagkatapos ng Mga Oras ng Trabaho

Agarang Pangangalaga

Tumawag sa tanggapan ng iyong PCP anumang oras, sa araw o sa gabi, upang makahingi ng medikal na payo. Makakakuha ka ng appointment para sa agarang pangangalaga ng PCP sa loob ng 48 oras mula nang humiling ka nito.



Kapag kailangan mong magpatingin kaagad sa isang doktor dahil may sakit ka o nakakaramdam ka ng pananakit, o may mga sintomas ka na tulad ng kawalan ng ginhawa, lagnat, o bahagyang pananakit, maaari kang pumunta sa anumang Klinika ng Agarang Pangangalaga na malapit sa iyo.

Teladoc® Makipag-usap sa isang Doktor nang 24/7 nang LIBRE

Maaari kang magkaroon ng konsultasyon sa telepono o video sa isang doktor ng Teladoc, nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

1(800) 835-2362 | sfhp.org/teladoc



Pangangalaga sa Ngipin at Paningin

Para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa **Medi-Cal Dental** sa **1(800) 322-6384**



Para sa impormasyon tungkol sa pangangalaga sa ngipin, tumawag sa **VSP Vision Care** sa **1(800) 877-7195**



Mangyaring tingnan ang iyong Handbook ng Miyembro upang makita kung anong mga benepisyo ang kasama sa iyong plano.

Tingnan ang kabilang bahagi para sa kung sino ang tatawagan para sa Serbisyo sa Customer



Tiyaking madali itong makita kapag kailangan mo ito!

Sino ang Tatawagan Ko?

**SAN FRANCISCO
HEALTH PLAN™**



Here for you

Tawagan ang **Customer Service ng SFHP**

1(415) 547-7800

1(800) 288-5555 (toll-free)

1(415) 547-7830 (TTY)



Sinasagot ng Serbisyo sa Customer ng San Francisco Health Plan ang mga tanong na maaaring mayroon ka tungkol sa iyong mga benepisyo at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Matutulungan ka naming maghanap ng impormasyon tungkol sa mga pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan na available para sa iyo at sa pamilya mo.

- Baguhin ang iyong PCP (doktor)
- Palitan ang mga ID card sa SFHP
- Tumulong sa mga isyu sa billing
- I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan
- Mag-ulat ng reklamo
- Kung nagkakaproblema ka sa pag-iiskedyul ng mga appointment
- Mag-apply para sa:
 - Medi-Cal
 - Covered California
- Sagutin ang mga tanong sa mga medikal na benepisyo
- At higit pa

Medi-Cal

Tawagan ang **Medi-Cal**

1(415) 558-4700

Tanggapan ng **Medi-Cal**

Tinitiyak nila na kwalipikado ka at sinasabi nila sa iyo kung kailan muling mag-a-apply.

- Pag-apply para sa Medi-Cal
- Pag-renew ng iyong Medi-Cal
- Pagbalik kung itinigil ang iyong saklaw
- Pag-apruba para sa saklaw
- Kung naka-hold ang iyong aplikasyon at nakabinbin ang pag-renew nito
- Palitan ang Benefits Identification Card (BIC)




Kumonekta sa Iyong Impormasyong Pangkalusugan



I-access ang iyong impormasyon sa kalusugan anumang oras mula sa kahit saan na may access ka sa internet gamit ang aming Portal ng Miyembro.

- **Maghanap** sa aming library ng edukasyong pangkalusugan
- **Humiling** ng bagong ID Card
- **Tingnan** ang iyong mga gamot
- **Baguhin** ang iyong PCP
- **Kumuha** ng mga update sa programa at benepisyo
- **Tingnan** ang iyong personal na rekord ng kalusugan
- **At higit pa!**

Nakakatulong sa Iyo ang Aming Portal ng Miyembro na Masubaybayan ang Iyong Pangangalagang Pangkalusugan.




**SAN FRANCISCO
HEALTH PLAN™**



Here for you

Medi-Cal

Tingnan ang kabilang bahagi para sa kung paano makakuha ng mga serbisyo sa iyong network ng pangangalaga



454301MC 0923